



## Ano ang Dapat Malaman ng mga Magulang Tungkol sa CSE sa Washington

Noong simula ng 2020, ang Comprehensive Sexuality Education (CSE) ang iniatas na paraan ng pagtuturo ng sex education sa lahat ng mga pampublikong paaralan sa Washington State. Naririto ang dapat ninyo malaman tungkol sa paraan ng sex education na sinasabi ng Office of the Superintendent of Public Instruction (OSPI) ay kinakailangan para sa lahat ng mga bata, K-12:

### Ano ang CSE

Ang CSE ay HINDI sex education; ito ay edukasyon sa sekswalidad. Sa kanilang framework para sa CSE, inihahayag ng International Planned Parenthood Federation na, “Saklaw sa aming approach ang pagbibigay-diin sa sexual expression, sexual fulfillment, at sekswal na kasiyahan. Ito’y naiiba mula sa mga methodology na tumutuong lamang ng pansin sa mga reprodiktibong aspekto ng sekswalidad ng mga kabataan.” (IPPF Framework for Comprehensive Sexuality Education)

### Ang CSE ay Hindi Naaangkop sa Edad

Ayon sa batas, nararapat na magbigay ang OSPI ng listahan ng curricula na kanilang nirebyu at napagpasiyahan naaangkop sa edad, at na medikal na wasto; at ang mga paaralan ay pipili mula sa listahang ito.

Dalawang programa na naaprubahan na ng OSPI -- ang “FLASH” at ang “The 3R’s” -- ay puno ng mga larawan at exploitative content, tulad ng isang aralin na naghihikayat sa mga nasa Grade 4 na mag-research online tungkol sa mga wet dream at kalakihan ng ari ng lalaki; winawalang-bahala nito na napakaraming online porn (“FLASH” Grade 4,5, at 6 Lesson 12); nagtuturo sa mga nasa Grade 7 na ang maligo kasabay ng iba ay mahalaga sa pagtatatag ng mga koneksyon sa mga relasyon (“The 3R’s,” 7<sup>th</sup> grade); at nagsasabi sa mga kabataan na ang pull-out method o paghugot ay “libre, laging magagamit, at higit na mabisa kaysa sa iniisip ng karamihan ng mga tao.” (HS “FLASH,” 3rd Edition)

### Ito ay isang Mandate na Hindi Pinondohan

Ang mga paaralan ay maaring gumawa ng kanilang sariling curriculum na maipapakita nila sa OSPI upang ito’y maaprubahan. Pero ang malaking gastos sa paggawa, pagpapalano, at pagsasagawa ng isang buong curriculum sa lahat ng mga grado ay higit sa kakayahan ng karamihan ng mga distrito, at dahil dito’y napipilitan silang pumili ng isang libreng curriculum tulad ng “The 3R’s.”

### Ang isang Loophole ay Maaring Magpawalang-Bisa sa Parental Opt-out

Bagama’t hindi kailangang isama ng mga paaralan ang CSE sa ibang mga subject, hindi sila pinagbabawalang gawin ito. Hindi ninyo maaaring hindi pasalihin ang inyong anak sa English o social studies kung nagpasiya ang guro na pag-usapan ang mga tema ng CSE sa klase. Sinabi ni Lauri Dils, Sexual Health Director sa OSPI, na nais niyang makitang isinasama ang CSE content sa ibang mga subject.

### Ayaw ng mga Washington Parents ang CSE

Batay sa isang 2019 survey ng OSPI, sa 10,200 na mga magulang na tumugon, 58% ang nagsabi na ayaw nila ang CSE sa mga paaralan.

Para sa karagdagang impormasyon  
magpunta sa:  
[InformedParentsofWashington.com](http://InformedParentsofWashington.com)  
o hanapin kami sa Facebook

Binayaran ng Informed Parents of Washington PAC  
3800 Bridgeport Way, Suite A #142  
University Place, WA 98466  
Ang Top 5 Donors: John at Kathrine Janicki